


## Sundin ang mga Traffic Sign/Symbol ng Japan (1)

| | | | |
|---|---|---|---|
|  | Dapat huminto ang mga tao at sasakyan. Hindi rin puwedeng kumanan o kumaliwa. |   | Dapat humintong pangsamantala sa lugar na may sign na ito. |
|  | Nakapulang ilaw ngunit puwedeng sumulong sa direksyon ng arrow. |   | |
|  | Hindi puwedeng dumaan ang mga sasakyan. *Kabilang din ng sasakyan ang mga bisikleta. |   | Dapat magmaneho nang marahan sa lugar na may sign na ito. *Ang inirerekomendang bilis ay 10km/h o mas mababa pa para makahinto kaagad. |
|  | Hindi puwedeng dumaan ang mga sasakyan maliban sa mga sasakyang may dalawang gulong. |   | |
|  | Hindi puwedeng dumaan ang mga malalaking sasakyang pangkargamento. |   | Dapat hanggang sa ipinahiwatig na numero lamang ang bilis ng takbo. |
|  | Kalsada ito para sa mga sasakyan, at hindi ito puwedeng daanan ng mga naglalakad, bisikleta, scooter, atbp. |   | |
|  | Kalsada ito para sa mga naglalakad at bisikleta at hindi puwedeng dumaan ang ibang mga sasakyan. |  | Sa tawiran, dapat humintong pangsamantala at paunahin ang mga naglalakad kapag tatawid sila sa kalsada. |
|  | Kalsada ito para sa mga naglalakad at hindi puwedeng dumaan ang anumang sasakyan. |  | |




## Sundin ang mga Traffic Sign/Symbol ng Japan (2)

| | | | |
|---|---|---|---|
|  | Sa mga one-way na kalsada, puwede ka lamang sumulong sa direksyon ng arrow. |  | Puwede lamang na sumulong ang mga sasakyan sa direksyon ng arrow. |
|  | Hindi puwedeng sumulong mula sa direksyon kung saan may sign na ito. |  | Sa mga interseksyon, dapat manatili sa itinalagang linya depende sa direksyon ng pagsulong. |
|  | Hindi puwedeng mag-U turn. |  | |
|  | |   | Linya ito na nakalaan para sa mga itinalagang sasakyan. |
|  | Kapag mag-overtake ng sasakyang tumatakbo sa harap, hindi puwedeng lumampas sa dilaw na linya papasok sa kanang bahagi. |   | |
|  | |  | May tawiran ng riles sa unahan. |
|  | Hindi puwedeng pumarada at humintong pangsamantala. |  | May paaralan atbp. malapit dito at kalsadang ito na madalas daanan ng mga bata. |
|  | Hindi puwedeng pumarada. |  | May interseksyon sa unahan. |

警察庁・都道府県警察
National Police Agency・Prefectural Police

# Sundin ang mga patakaran at magmaneho nang ligtas sa Japan (1)

## (1) Pagmamaneho sa kaliwang bahagi



★ Nagmamaneho sa kaliwang bahagi ng kalsada sa Japan.
Kung nagmamaneho ka sa isang bansang nagmamaneho sa kanang bahagi, mag-ingat dahil maaaring mapunta ka sa kanang bahagi kapag lumiko sa isang interseksyon.

★ Mapanganib ang pagmamaneho sa kanang bahagi ng kalsada at maaaring humantong sa mga paglabag sa batas trapiko o aksidente.

## (2) Kung nagkaroon ng aksidente sa trapiko, siguraduhing iulat ito sa pulisya

★ Kung nagkaroon ng aksidente sa trapiko, siguraduhing iulat sa pulisya (110) kahit walang nasugatan. Kapag may nasugatan, tulungan ang nasugatan, tumawag ng ambulansya (119) at mag-ulat sa pulisya (110).

★ Kung hindi ka tumulong sa nasugatan o hindi ka nag-ulat ng aksidente, mapapatawan ka ng mabigat na parusa at mahigpit na administratibong parusa tulad ng pagbawi ng lisensya sa pagmamaneho.



## (3) Bawal ang pagmamaneho nang nakaimon

★ Kapag nakainom ka ng alak, hindi ka dapat magmaneho ng sasakyan. mapapatawan ka ng mabigat na parusa at mahigpit na administratibong parusa tulad ng pagbawi ng lisensya sa pagmamaneho.





★ Para sa mga maaaring magmaneho nang nakainom, hindi dapat magbigay ng sasakyan. Dagdag pa dito, hindi rin dapat magpamaneho sa nakainom o humiling na makisakay sa sasakyang minamaneho ng nakainom. Ang paglabag sa mga patakarang ito ay magreresulta rin sa mabibigat na parusa.

Bawal din ang mga hangover!

## (4) Paghintong pangsamantala sa tawiran ng riles



★ Sa mga tawiran ng riles, kahit hindi tumutunog ang alarma, dapat kang huminto at tingnan kung may paparating na tren bago tumawid.

## (5) May prayoridad ang naglalakad



★ May pinakamataas na prayoridad ang mga naglalakad sa Japan. Kapag may naglalakad na tatawid sa tawiran o interseksyon, huminto at magbigay-daan sa kaniya.

## (6) Mag-ingat lalo na sa mga interseksyon

★ Sa mga interseksyon, "(1) una ang mga naglalakad", "(2) kapag kakanan ka, una ang sasakyang diretso o kakaliwa".

★ Kapag may naglalakad na tumatawid o tatawid sa tawiran, dapat "huminto pangsamantala".




## (7) Bawal gumamit ng cellphone



★ Habang nagmamaneho ng sasakyan, hindi puwedeng gumamit ng cellphone tulad ng pagtawag o pagtingin sa monitor nito maliban sa panahong ng emerhensiya.

## (8) Unawain nang tama ang kahulungan ng mga sign

Iba ang mga patakaran at mga sign ng trapiko ng Japan kumpara sa iyong bansang pinagmulan.




★ Sa mga lugar na may sign na ito, siguraduhing huminto at suriin ang kaligtasan sa magkabilang panig.

**May expiration date ang lisensya sa pagmamaneho. Huwag kalimutang magparenew.**

警 察 庁 ・ 都 道 府 県 警 察
National Police Agency · Prefectural Police

# Sundin ang mga patakaran at magmaneho nang ligtas sa Japan (2)

## (9) Alamin kung anong kategorya ng sasakyan ang puwedeng imaneho

★ Ang mga kategorya ng mga sasakyan na puwede mong imaneho ay iba sa lisensya ng iyong bansa.
★ Mangyari munang kumpirmahin ang mga sasakyang puwedeng imaneho bago magmaneho.

| | | |
|---|---|---|
| Ordinaryo | Kapasidad: 10 tao pababa<br>Gross vehicle weight: Mababa sa 3,500kg<br>Maximum na Kargamento: Mababa sa 2,000kg | |
| Semi-mediun | Kapasidad: 10 tao pababa<br>GVW: Mababa sa 7,500kg<br>Maximum na Kargamento: Mababa sa 4,500kg | *Suriin muna ang sertipiko ng rehistro ng sasakyan upang malaman ang kapasidad ng karga at ng mga pasahero bago magmaneho. |
| Medium | Kapasidad: 29 tao pababa<br>GVW: Mababa sa 11,000kg<br>Maximum na Kargamento: Mababa sa 6,500kg | |
| Heavy | Kapasidad: 30 tao pataas<br>GVW: 11,000kg pataas<br>Maximum na kargamento: 6,500kg pataas | |
| Large motorcycle | Kapasidad: 2 tao pababa<br>Lakas ng makina: Lampas 400cc o 20kW | *Bilang prinsipyo, hindi puwede ang pag-angkas sa loob ng 1 taon matapos makakuha ng lisensya (3 taon para sa mga expressway). |
| Ordinary motorcycle | Kapasidad: 2 tao pababa<br>Lakas ng makina: 400cc o 20kW pababa | |
| Towing | Mga trailer na lampas 750kg ang gross vehicle weight | |










★Pagmamaneho ng Bus/Taxi

- Kailangan ng bukod na "Class 2 na Lisensya" para magmaneho ng bus o taxi (maghahatid ng tao para sa pera).
- Kakailanganin ang "Class 2 na Lisensya" na naaayon sa sasakyang imamaneho.
- Kapag maghahatid ng tao bilang trabaho, kakailanganin ang Permiso ng Kawanihan ng Transportasyon atbp. bukod sa Class 2 na Lisensya.




## (10) Tingnan ang laki ng maikakargang bagahe at paraan ng pagkarga




★ Kapag nagkakarga ng kargamento sa isang trak, may mga paghihigpit sa laki at paraan ng pagkarga.

★ Kung ang mga kargamento ay hindi maaaring hatiin at lumampas sa limitasyon ng bigat, laki o paraan ng pagkarga, ang nagmamaneho ng sasakyan na may kargang lumampas sa limitasyon ay dapat kumuha ng pahintulot mula sa hepe ng istasyon ng pulisya na may hurisdiksyon sa lugar ng pag-alis.



**May mga parusa para sa mga paglabag sa batas trapiko at mga aksidente sa trapiko.**

警 察 庁 ・ 都 道 府 県 警 察
National Police Agency · Prefectural Police